

International Labour Organization

EUROPEAN COMMISSION

ISANG GABAY PARA SA MGA MIGRANTENG PILIPINO SA PRANSYA

International Labour Organization

EUROPEAN COMMISSION

Isang Gabay para sa mga Migranteng Pilipino sa Pransya

Lupon ng Patnugutan

Rapunzel Acop, Patnugot
Zita Cabais-Obra, Asosasyong Sangguniang Pilipino (ASF) at Confédération française démocratique du travail (CFDT)
Sally Rousset at Maya Jezewski, Babaylan – Samahan ng mga Kababaihan sa Pransya
Dennis Mana-ay, Asosasyong Hiligaynon
Rafaelito Gomez, Asosasyong Maharlika at Fil-Com Social Aid and Assistance to Nationals Committee (SAANC)
Magiting Alvaran, Asosasyong Maharlika

Disenyo at Pabalat ni Gabby Lacuesta

Ang gabay na ito ay inihahandog nang walang bayad sa mga migranteng Pilipino sa Pransya sa pamamagitan ng Komunidad ng mga Pilipino at mga taga-suporta.

Pinondohan ng **Pandaigdigang Organisasyon sa Paggawa (ILO)**

Karapatang Ari 2012
Reserbado ang lahat ng karapatan

Bilang bahagi ng proyektong "Going Back – Moving On: Economic and Social Empowerment of Migrants, including Victims of Trafficking Returned from the European Union and Neighboring Countries" *na pinondohan ng European Commission (EC), nagsagawa ang Pandaigdigang Organisasyon sa Paggawa (ILO) ng isang pag-aaral tungkol sa kalagayan ng mga migranteng Pilipino sa Pransya at Italya.*

Hangad ng naturang pag-aaral na siyasatin ang paghahatid ng mga serbisyo sa mga nangangailangang migranteng Pilipino sa Pransya at Italya, lalung-lalo na sa mga biktima ng pang-aabuso at trafficking, upang makatulong sa pagbawas ng pang-aabuso sa pamamagitan ng pinagbuting koordinasyon ng iba't ibang sektor – mga ahensya ng pamahalaan, mga non-government organizations, at mga samahang manggagawa.

Noong ika- 9 ng Pebrero 2012, ipinahayag ng ILO ang resulta ng kanilang pag-aaral, "Ang pagbuo ng sistema ng pakikipag-ugnayan, pagtutulungan at kooperasyon ng mga tagapaghatid ng serbisyo sa Italya, Pransya at Pilipinas upang mapabuti ang paghahatid ng serbisyo sa mga nangangalilangang migranteng Pilipino lalung-lalo na sa mga biktima ng pang-aabuso at trafficking", sa mga kinatawan ng iba't ibang asosasyon ng mga Pilipino sa Pransya, kasama ang mga kinatawan ng mga samahang manggagawang Pranses, sa Embahada ng Pilipinas sa Paris.

Isa sa mga ibinigay na mungkahi ay ang pagkakaroon at pamamahagi ng gabay na naglalaman ng mga serbisyong maaaring tanggapin ng mga migranteng Pilipino.

Isang pangkat ng mga Pilipinong dumalo sa pagpupulong ang tumanggap ng hamon na gawin ang gabay na ito sa loob ng dalawang buwan. Sa tulong ng mga nakalap na impormasyon mula sa mga samahang Pranses at mga samahang manggagawa, partikular na ang Confédération française démocratique du travail (CFDT), at pondo mula sa ILO at EC, ang gabay ay isa na ngayong katuparan at inaasahan namin na ito ay makatutulong sa inyo.

Lupon ng Patnugutan

Panimulang Salita

Bilang isang migranteng Pilipino sa Pransya o kahit saan mang dako ng mundo, **may mga karapatan ka bilang tao.** Ang mga karapatang ito ay nakabatay sa mga pandaigdigang kasunduan tulad ng Deklarasyong Unibersal ng Karapatang Pantao.

Mayroon ding mga karapatan na nagmumula sa mga batas ng bawat bansa na ginagarantiyahan at pinoprotektahan ng mga Pambansang batas tulad ng Konstitusyon ng Pransya.

Bago mo matamasa ang iyong mga karapatan, dapat alamin mo muna ang mga ito.

Layunin ng gabay na ito na ipaalam sa iyo ang iyong mga karapatan upang mapakinabangan mo ang mga ito at maiwasan ang mga sitwasyon ng pang-aabuso.

Gayunpaman, mahalagang alalahanin na ang iyong mga karapatan ay may kaakibat na mga tungkulin *(droits et devoirs)*, bilang bahagi ng pamayanan.

Bilang isang migranteng Pilipino sa Pransya, ikaw ay may tungkulin na igalang ang mga batas at mga tradisyong Pranses gayundin ang mag-ambag, nang naaayon sa iyong kakayahan, sa mga gastusin ng bansa sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwis at mga kontribusyong panlipunan.

Paggamit ng gabay na ito

Ang gabay na ito ay nahahati sa dalawang bahagi – ang iyong **mga karapatan at mga tungkulin sa Pransya** at isang listahan ng **mga mahahalagang numero ng telepono sa Pransya** na maaaring tawagan upang humingi ng tulong.

Ang unang bahagi ay binubuo ng mga kabanatang naglalaman ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at kung paano mo maaaring matamasa ang mga ito. Subalit hindi nilalayon ng gabay na ito na ilahad ang lahat ng impormasyon, kung kaya't nagtatapos ang bawat kabanata sa isang listahan ng mga organisasyon – pampamahalaan at di-pampamahalaan – na maaari mong lapitan para sa karagdagang impormasyon.

Sa dami ng mga kababaihang migrante sa Pransya na may mga partikular na pangangailangan at nahaharap sa naiibang realidad kumpara sa mga kalalakihan, isang kabanata ang inilaan para sa mga isyung kanilang hinaharap.

Gayundin, ang bawat kabanata ay naglalaman ng impormasyon ukol sa iyong mga tungkulin, isang seksyong "Alam mo ba?" na nagbabahagi ng mga sari-saring impormasyon tungkol sa Pransya, at isang buod ng mga mahahalagang paalala.

Paggamit ng mga terminolohiyang Pranses

Ang pagkakaroon ng kaalaman at kakayahan sa wikang Pranses ay mahalaga upang matamasa ang iyong mga karapatan. Sa gabay na ito, ang mga salitang Pranses ay italisado at nakapaloob sa mga panaklong. Kalaunan, ang mga salitang Pranses na ito ang gagamitin sa halip na salitang isinalin sa wikang Ingles.

Upang madagdagan ang iyong kaalaman at mapahusay ang iyong kakayahan sa wikang Pranses, isang listahan ng lahat ng mga klase sa pag-aaral ng Pranses ang matatagpuan sa ikalawang bahagi ng gabay.

Mga nilalaman

Ang iyong mga karapatan at tungkulin sa Pransya **3**
Mga karapatan ng manggagawa *3*
Karapatang magkaroon ng proteksyong sosyal *12*
Mga karapatang pampamilya *20*
Karapatan laban sa di-makatuwirang pagkakakulong *23*
Mga karapatan ng kababaihan *28*

Mahahalagang numero ng telepono sa Pransya **35**

Ang iyong mga karapatan at tungkulin sa Pransya

Mga karapatan ng manggagawa

Ang mga mamamayang nagmumula sa mga bansang kasapi ng Unyong Europeo[1], Pamayanang pang-ekonomikong europeo[2], Suwisa, at mga bansang mayroong kasunduan sa Pransya ay may karapatang magtrabaho sa Pransya. Lahat ng ibang mga mamamayan, kabilang ang mga Pilipino, ay kailangang magkaroon ng visa upang makapasok at makapagtrabaho sa Pransya.

Pagdating mo sa Pransya, kailangan mong humingi ng residence permit *(titre de séjour)* at ng work permit *(autorisation de travail)* upang makapagtrabaho dito.

Ayon sa French Labor Code, lahat ng dayuhang gustong pumunta sa Pransya upang magtrabaho at permanenteng manirahan dito ay dapat mayroong sapat na kaalaman at kakayahan sa wikang Pranses o kaya naman ay nangangakong mag-aral at magsanay pagdating nila sa Pransya.

Ang paghingi ng *autorisation de travail* ay isasagawa ng amo sa *préfecture*[3] na siyang may sakop sa lugar kung saan ka magtatrabaho o maninirahan. Ang tanggapang may kapangyarihang aprubahan o tanggihan ang paghingi ng *autorisation de travail* ay ang *Direction régionale des entreprises, de la concurrence, de la consommation, du travail et de l'emploi* o *DIRECCTE.*

Ano ang iyong mga karapatan bilang manggagawa sa Pransya?

Sakop at protektado ng French Labor Code ang lahat ng mga nagtatrabaho sa Pransya anuman ang kanilang sitwasyong legal.

Bukod sa French Labor Code, ang pagkakaroon ng **kontrata** sa pagitan mo at ng iyong amo ay magpapatibay sa iyong mga karapatan bilang

---

[1] Alemanya, Austria, Belhika, Bulgarya, Dinamarka, Espanya, Estonya, Gresya, Irlanda, Italya, Latbiya, Litwaniya, Luxembourg, Malta, ang Nagkakaisang Kaharian, Olanda, Pinlandiya, Polonya, Portugal, Pransya, Rumanya, Slovakia, Slovenia, Suwesya, ang Republikang Tseko, Tsipre at Unggarya.
[2] Iceland, Lichtenstein, Noruwega
[3] Magtungo sa pahina 8 para sa kahulugan ng "*préfecture*".

manggagawa. Depende sa uri at sektor ng hanapbuhay o trabaho na iyong kinabibilangan, ikaw ay pinoprotektahan din ng mga pambansang pangkalahatang kasunduan. Halimbawa, ang *Convention collective nationale des salariés de particuliers employeurs* na siyang pambansang kasunduang sumasakop sa sektor na pandomestiko ay gumagarantiya sa mga sumusunod na karapatan:

Oras ng pagtatrabaho

- Para sa mga full-time na manggagawa, ang bilang ng oras ng pagtatrabaho ay: 8 oras bawat araw, 40 oras bawat linggo at 174 oras[4] bawat buwan, mula Lunes hanggang Biyernes.
- Ang pagtatrabaho ng holiday at ng araw ng Linggo, pati na rin kung araw ng lingguhang day off ay dapat pagkasunduan mo at ng iyong amo.

Sweldo at pasahod

- Hindi ka dapat tumanggap ng sweldo na mas mababa sa nakatakdang minimum wage.
- Ang kabayaran na hindi salapi (pabahay, pakain, atbp.)[5] ay maaaring ibawas sa sweldo depende sa kasunduan ninyo ng iyong amo.
- Ang pagiging on-call ay ang pagtatrabaho kahit na ikaw ay walang nakatakdang gawain. Ang isang oras ng pagiging on-call ay hindi katumbas ng isang oras ng pagtatrabaho. Sa halip, ito ay kinukuwenta batay sa sumusunod: 1 oras ng pagiging on-call = 2/3 oras ng pagtatrabaho.

Mga day off, pagliban at bayad na bakasyon

- Ang iyong day off ay hindi dapat bababa sa 35 oras na konsekutibo, at kung maaari, ay matapat sa araw ng Linggo.

---

[4] Ang oras ng iyong trabaho ay maaaring mag-iba depende sa sektor ng iyong trabaho. Ang trabahong legal sa Pransiya ay 35 oras bawat linggo at ang lalampas na oras ng pagtatrabaho ay tinuturing na obertaym.
[5] Maaari lamang magkaltas ang iyong amo ng hindi hihigit sa 71 EUR bawat buwan para sa pabahay ayon sa batas ng Pransya (2009).

- Kung ikaw ay papapasukin sa trabaho sa araw ng iyong day off, dapat kang bayaran ng karagdagang 25% ng iyong sweldo o kaya'y daragdagan ng 25% ang oras ng iyong day off.
- Kung liliban ka sa trabaho, dapat mayroon kang makatuwirang dahilan. Para sa mga inaasahang pagliban, ipaalam ito agad sa iyong amo. Para sa mga di-inaasahang pagliban o hindi pagdating sa trabaho sa tamang oras – dulot ng sakuna at iba pang hindi inaasahang pangyayari –maaari kang humingi ng dokumento na magpapatunay sa naturang pangyayari *(attestation de retard).*
- Matapos na ikaw ay makapagtrabaho ng 10 oras para sa iyong amo, may karapatan ka sa bayad na bakasyon na hindi hihigit sa 2.5 araw sa loob ng isang buwan o limang linggo sa loob ng isang taon.
- Kung isinasama ka ng iyong amo sa kanyang bakasyon, humingi ka ng bagong kontrata dahil maaaring ikaw ay magtrabaho ng higit sa karaniwang bilang ng oras.

Mga aksidente sa trabaho

- Kung ang aksidente ay naganap sa lugar ng iyong pinagtatrabahuan, tumawag ka agad sa iyong doktor o sa *SAMU* upang ipagbigay-alam na ang aksidente ay nangyari sa iyong pinagtatrabahuan. Sa oras na ikaw ay umalis sa lugar na ito, maaaring hindi na ito ituring na isang aksidente sa trabaho.
- Mayroon kang 24 oras upang ipagbigay-alam ang aksidente sa iyong amo na siya namang mayroong 48 oras upang ipagbigay-alam ito sa *Caisse primaire d'assurance maladie (CPAM).*
- Dapat bigyan ka ng iyong amo ng dokumento na nagsasaad ng iyong aksidente sa trabaho *(feuille d'accident du travail)* para sa iyong pagpapagamot at sa patuloy na pagtanggap ng iyong sweldo.

Pagbibitiw sa trabaho (resignation)

- Maaari kang magbitiw sa iyong kasalukuyang trabaho sa pamamagitan ng pagpapadala ng registered mail with acknowledgement receipt *(lettre recommandée avec accusé de réception)* sa iyong amo na malinaw na nagsasaad ng iyong pagnanais na magbitiw sa trabaho, ang petsa nito, na may sapat na panahon ng abiso:

Haba ng pagtatrabaho	Palugit ng abiso
Mababa sa 6 buwan	1 linggo
6 buwan – 2 taon	2 linggo
Higit sa 2 taon	1 buwan

- Pagkatapos mong magbitiw, maaari ka nang humingi sa iyong amo ng kasulatang nagpapatunay sa iyong pagtatrabaho *(certificat de travail)*, final settlement[6] *(solde de tout compte)* at unemployment certificate[7] *(attestation Pôle emploi)*. Ang mga dokumentong ito ay mahalaga para sa mga usaping legal.

Pagtanggal sa trabaho (termination)

- Kung ikaw ay pinatigil sa trabaho ng iyong amo, dapat ka niyang ipatawag upang kayo ay mag-usap sa pamamagitan ng pagpapadala ng *lettre recommandée avec accusé de réception.*
- Pagkatapos ninyong mag-usap, dapat ipadala sa iyo ng iyong amo ang notice of termination sa pamamagitan din ng *lettre recommandée avec accusé de réception*, na naaayon sa sumusunod na panahon ng abiso:

Haba ng pagtatrabaho	Palugit ng abiso
Mababa sa 6 buwan	1 linggo
6 buwan – 2 taon	1 buwan
Higit sa 2 taon	2 buwan

**Kung ikaw ay pinatigil sa trabaho ng iyong amo bago ang takdang oras o palugit ng abiso, dapat kang bayaran ng sweldo na katumbas ng haba ng panahon ng paghihintay nito.*

- Hindi dapat mas mababa ang iyong termination pay sa 10% ng iyong taunang sweldo.
- Maaari ka ring humingi ng *certificat de travail, solde de tout compte* at *attestation Pôle emploi* mula sa iyong amo.
- Kapag namatay ang iyong amo, dapat bayaran ng kaniyang mga naiwang kapamilya o kamag-anak ang iyong natitirang sweldo gayundin ang iyong termination pay

[6] Ipinapakita ng dokumentong ito kung magkano ang ibinayad sa iyo sa panahon ng iyong pagtatrabaho at magsisilbing bilang "resibo".
[7] Ang *attestation* na ito ang magpapahintulot sa iyo na makapagrehistro bilang isang naghahanap ng trabaho. Ito ay may bisa lamang ng isang taon.

Pagsasanay (training)

- Sa oras na tinanggap ka na sa trabaho ng iyong amo, may karapatan kang sumailalalim sa iba't ibang programang pagsasanay na naaayon sa iyong trabaho – pag-aaral ng wikang Pranses, pagsasanay sa pagbibigay ng paunang lunas (first aid), atbp. – na makatutulong sa iyong trabaho o propesyon.

Paano mo ipaglalaban ang mga karapatang ito?

Kahit na ang iyong mga karapatan bilang manggagawa ay protektado ng French Labor Code at ng mga pambansang kasunduan, nararapat pa ring magkaroon ng kontrata sa trabaho.

Dapat lagdaan ng amo at ng manggagawa ang kontratang ito at makatanggap ang bawat isa ng orihinal na kopya.

Ang hindi pagsunod sa mga nakasaad sa kontrata at ang paglabag sa iyong mga karapatan bilang manggagawa ay maaaring idulog sa korte *(Conseil de prud'hommes)*. Ang mga apila ay inihahain sa Court of Appeals *(Cour d'appel)* at ang mga apila laban sa huli ay idinudulog sa *Cour de cassation*, ang pinakamataas na korte sa pag-aapila ng mga kasong sibil at kriminal.

Bago ihanda ang kaso sa *Prud'hommes*, ipinapayo na sumangguni muna sa isang asosasyon, sa isang propesyunal o sa isang kinatawan ng samahang manggagawa.

Ang pagsali sa isang asosasyon o sa isang samahang manggagawa ay isa pang paraan upang mapangalagaan ang iyong mga karapatan bilang manggagawa. Hindi lamang nila ipinaglalaban ang mga karapatan ng mga manggagawa, isinusulong din nila ang tama at mabuting kalagayan sa trabaho. Karaniwan silang nagbibigay ng membership card na maaaring magsilbing patunay sa pagdating o pananatili sa bansa.

Tungkulin: Pagdeklara ng kita

Ang pagdeklara ng sweldo o kita *(déclaration des revenues)* ay tungkulin ng lahat ng taong naninirahan sa Pransya, anuman ang kanilang nasyonalidad o sitwasyong legal.

Ayon sa French Tax Code, upang makapagdeklara ng iyong kita, kailangang tuparin mo ang mga sumusunod na kundisyon:

- Manirahan sa Pransya ng higit sa anim na buwan sa loob ng isang taon
- Magtrabaho sa Pransya

Simple lang ang kailangang gawin. Punan at kumpletuhin ang *CERFA*[8] form at ibigay ito kasama ng iba pang hinihinging dokumento sa pinakamalapit na tanggapang pambuwis. Kapag ikaw ay mayroon ng tax identification number, maaari mo nang gawin ang pagdedeklara sa Internet. (http://www.impots.gouv.fr)

Alam mo ba?

Ang pamahalaang Pranses

Ang Pransya ay nahahati sa mga rehiyon *(régions)*, mga departamento *(départements)*, at mga bayan *(communes)*. Ang mga malalaking bayan ay mga lungsod, na maaaring mahati sa mga distrito *(arrondissements)* at ang maliliit na bayan ay mga baryo *(villages)*.

Halimbawa, ang lungsod ng Marseille ay nasa rehiyon ng Provence-Alpes-Côte d'Azur at nasa departamento ng Bouches du Rhône. Ang lungsod ng Marseille ay nahahati sa 16 na distrito.

Sinusunod ng pamahalaang Pranses ang mga heograpikal na dibisyong ito at siya ay nahahati sa apat na antas: pambansa, panrehiyon, pandepartamento, at pambayan.

Samakatuwid, ang bawat kagawaran ng pamahalaan ay may mga tanggapan sa rehiyon at departamento. Ang bawat rehiyon at departamento ay may pamahalaang lokal *(préfecture)* na pinamumunuan ng hepe *(préfet)* na kumakatawan sa pamahalaang pambansa at nakikipag-ugnayan sa mga iba't ibang ahensiya.

Ang sistemang pang-estado ay binubuo rin ng mga inihalal na mga kinatawan sa 26 konsehong panrehiyon *(conseils régionaux)*, 101

[8] Ang *CERFA* o *Centre d'enregistrement et de révision des formularies administratifs* ay ang ahensiyang Pranses na naatasang mag-ayos, mag-ugma, magpadali at magrehistro ng lahat ng dokumento ng pamahalaan. Maaaring kunin ang mga *Cerfa* forms mula sa http://www.service-public.fr/formulaires/

konsehong pandepartamento *(conseils généraux)* at higit sa 36,000 konsehong munisipal *(conseils municipaux)*.

Depende kung saan ka naninirahan sa Pransya, maaari kang makipag-ugnayan sa mga tanggapan ng pamahalaan sa iba't ibang antas ng pamahalaang Pranses.

Saan ka man naninirahan, ang-munisipyong *(mairie)* pinakamalapit sa iyo ang mapagkukunan mo ng impormasyon. Karamihan ng mga *mairie* ay may tanggapang nakatuon sa social welfare *(centre communal d'action sociale* o *CCAS)* na maaaring magturo sa iyo sa tamang direksyon. Bisitahin ang kanilang website o kaya'y tumawag bago magtungo sa *mairie*.

Mayroon din silang mga helpdesk o *points d'accés au droit (PAD)* na nagbibigay ng libreng impormasyon at payong legal, tulong at suporta ukol sa mga usaping legal at administratibo.

Nakikipagtulungan ang mga abogado mula sa Paris Bar at iba pang asosasyon ng mga abogado upang magbigay ng libreng payo ukol sa batas pampamilya, batas sa pabahay at iba pang karapatan ng mga dayuhan.

Maaari ka ring tumawag sa "3939" para sa karagdagang impormasyon ukol sa usaping administratibo, Lunes hanggang Biyernes (ika-8:00 ng umaga hanggang ika-8:00 ng gabi) at Sabado (ika-8:00 ng umaga hanggang ika-6:30 ng gabi). Maaari ding bisitahin ang http://www.service-public.fr (sa wikang Pranses) at http://www.service-pulic.fr/langue/english (sa wikang Ingles).

Ang *"recours gracieux"*

Sa iyong pakikipag-ugnayan sa pamahalaang Pranses, mahalagang alalahanin na maaari kang mag-apila sa anumang desisyon *(recours gracieux)* ng gobyerno.

Sa tuwing ikaw ay tatanggihan ng anumang ahensiyang Pranses, maaari kang humingi ng *recours gracieux* sa pamamagitan ng pagpapadala ng *lettre recommandée avec accusé de réception* sa tanggapan na nag-isyu ng desisyon. Depende sa uri ng desisyon, maaaring kailanganin mong ipadala ang liham sa loob ng 48 oras hanggang dalawang buwan.

Sa Pransya, may mga propesyunal na tagasulat *(écrivains publics)* na maaaring tumulong sa iyo sa pagsulat ng liham. Kailangan mo lang makipag-ugnayan sa tulong ng mga *PAD* na matatagpuan sa *mairie.*

Mga mahahalagang paalala

1. **Laging humingi ng kontrata sa iyong amo. Makakukuha ka ng modelong kontrata sa mga samahang manggagawa.**
2. **Ingatan at itabi ang lahat ng iyong dokumento – pay slip *(bulletins de salaire), déclaration de révenus, certificat de travail, attestation Pôle emploi* at *solde de tout compte* - ang anumang dokumento, resibo o remittance slip na nakapangalan sa iyo. Maaaring makatulong sa iyo ang mga ito.**
3. **Gumawa ng talaan ng iyong mga gawain araw-araw - oras ng iyong pagdating sa trabaho, ang mga natapos mong gawain, oras ng iyong pag-alis - gayundin ang mga nakatakda mong gawain.**
4. **Kung nilalabag na ang iyong mga karapatan o inaabuso ka na, humingi agad ng tulong sa:**
   Embahada ng Pilipinas sa Paris – 01 44 15 70 00
   SAANC Hotline – 06 58 16 47 04
   Pulisya – 17 or 112 (kung gamit ang cellphone)

Para sa iba pang impormasyon ukol sa iyong mga karapatan bilang manggagawa, makipag-ugnayan sa mga sumusunod na unyon na kinikilala bilang katuwang ng pamahalaang Pranses:

Confédération française démocratique du travail (CFDT), SSPE-Ile-de-France
7-9 rue Euryale Dehayin, 75019 Paris
http://www.cfdt-services.fr
Hanapin si Zita Cabais-Obra
01 42 03 88 14 / 06 84 64 18 11
sspecfdt-idf@live.fr

Confédération générale du travail (CGT)
263 rue de Paris, 93100 Montreuil
01 48 18 80 00
http://www.cgt.fr

Force ouvrière (FO)
141 avenue du Maine, 75014 Paris
http://www.force-ouvriere.fr/

Confédération française des travailleurs chrétiens (CFTC)
128 Avenue Jean Jaurès, 93500 Pantin
01 73 30 49 00
http://www.cftc.fr/

Confédération française de l'encadrement - Confédération générale des cadres (CFE-CGC)
59 rue du Rocher, 75008 Paris
01 55 30 12 12
http://www.cfecgc.org/

Karapatang magkaroon ng proteksyong sosyal

Ang Pransya ay may komprehensibong social security system *(sécurité sociale)* na sumasakop sa mga sumusunod:

1. Pagkakasakit, pagbubuntis at pagka-ina/pagka-ama, pagkakaroon ng kapansanan at pagkamatay
2. Mga aksidente sa trabaho at mga sakit na dulot ng trabaho
3. Pagtanda
4. Kawalan ng trabaho

Ang *sécurité sociale* ay nagbibigay din ng mga benepisyo para sa mga pamilya.

Paano ba gumagana ang *sécurité sociale*?

Nagbabayad ang mga amo at mga manggagawa ng mga kontribusyon *(cotisations/charges sociales)* sa *Union de recouvrement des cotisations de sécurité sociale et d'allocations familiales (URSSAF)*, institusyong naatasang mangolekta nito. Ito ay may higit na 100 tanggapan sa iba't ibang dako ng Pransya. Ang mga kontribusyong ito ay napupunta sa *Agence centrale des organismes de sécurité sociale* o *ACOSS)* na siya namang namamahagi ng pondo sa iba't ibang ahensiya:

<table>
<tr><th>Sangay/
Ahensiya</th><th>Pambansa</th><th>Panrehiyon/
Pandepartamento</th></tr>
<tr><td>Pagkakasakit, pagbubuntis at pagka-ina/ pagka-ama, pagkakaroon ng kapansanan, pagkamatay</td><td rowspan="2">Caisse nationale de l'assurance maladie des travailleurs salaries (CNAMTS)</td><td>Caisse primaire d'assurance maladie (CPAM)</td></tr>
<tr><td>Aksidente sa trabaho at mga sakit na dulot ng trabaho</td><td rowspan="2">Caisse d'assurance retraite et de la santé au travail (CARSAT)</td></tr>
<tr><td>Pagtanda</td><td>Caisse nationale d'assurance vieillesse destTravailleurs salariés (CNAVTS)</td></tr>
<tr><td>Benepisyong pampamilya</td><td>Caisse nationale d'allocations familiales (CNAF)</td><td>Caisse d'allocations familiales (CAF)</td></tr>
</table>

Ang *sécurité sociale* ay ayon sa prinsipyo ng pagkakaisa at pagtutulungan kung saan binabayaran ng mga nakababatang manggagawa ang pensyon ng mga retirado, na sila rin naman ang nagbayad para sa pensyon ng mga manggagawang nauna sa kanila.

Paano mo maaaring matamasa ang mga karapatang ito?

Lahat ng regular na manggagawa sa Pransya, pati ang kanilang mga pamilya, ay may karapatang magkaroon ng proteksyong sosyal. Bago mo matamasa ang karapatang ito, dapat ka munang magparehistro sa *sécurité sociale* ng Pransiya.

Dapat humingi ang mga amo ng deklarasyon ng pagtatrabaho *(déclaration d'emploi)* para sa kanilang mga empleyado sa *URSSAF*.

Para sa mga manggagawang wala pang social security number, ang deklarasyon ay magagamit nila upang makapagparehistro at makatanggap ng mga benepisyo tulad ng unemployment insurance.

Para sa mga supplementary pension schemes, karaniwang nirerehistro ang mga manggagawa sa schéme na kinabibilangan ng kanilang amo, nang naaayon sa lokasyon o uri ng kompanya.

Kung self-employed o nagtayo ka ng iyong sariling negosyo, ikaw mismo ang dapat magparehistro sa *URSSAF*. Kapag rehistrado ka na, maaari ka nang pumili ng organisasyon na nagbibigay ng pensyon at benepisyong pangkalusugan.

Pagkatapos magparehistro, makatatanggap ka ng social security card *(attestation carte vitale)* na nagsasaad ng iyong social security number. Ito ay dapat ipakita sa tuwing ikaw ay magpapagamot.

Pagkakasakit, pagbubuntis, pagka-ina/pagka-ama, pagkakaroon ng kapansanan at pagkamatay

Kapag nagpakonsulta ka sa doktor o dentista, kinakailangan mong magbayad at humingi ng refund sa takdang panahon. Sa pagbili ng gamot, nakukuha agad ang refund.

Ang kabayarang iyong matatanggap sa *sécurité sociale* ay ayon sa *tarif de convention* na maaaring hindi katumbas sa iyong binayaran. Halimbawa, kung ikaw ay nagpa-*blood test* na nagkakahalaga ng 75 EUR at ang *tarif de convention* ay 60 EUR, 70% ng 60 EUR (42 EUR) lamang

ang ibabalik sa iyo at ang natitirang 33 EUR ay kailangan mong bayaran. Ang balanseng ito na tinatawag na *ticket modérateur* ay maaaring bayaran gamit ang isang complementary health insurance scheme. Kung wala ka nito, kailangan mong bayaran ang 33 EUR.

Sa pagpili ng doktor, mahalagang alamin kung siya ay may kasunduan *(convention)* sa *sécurité sociale*. Kung mayroon siyang *convention*, siya ay isang *conventionné* at pagbabayarin ka lamang niya ng halaga para sa pagpapagamot na naaayon sa *tarif de convention*. Kung siya ay *non-conventionné*, ang halagang babayaran mo ay mas mataas sa itinakda ng *tarif de convention*.

Mahalaga ring ideklara ang iyong personal na doktor *(médecin traitant)* na siyang magrerekomenda sa iyo sa mga espesyalista. Kung ikaw ay direktang magpapagamot sa isang espesyalista nang hindi dumaan sa iyong *médecin traitant*, maaaring mas mataas ang iyong babayaran. Upang itakda ang iyong *médecin traitant*, punan ang *Cerfa* form at ipasa ito sa *CPAM*.

Aksidente sa trabaho *(magtungo sa pahina 5)*

Pagreretiro

Nilagdaan ng Pilipinas at ng Pransya ang isang kasunduan ukol sa social security noong 1990 na naging epektibo noong 1994. Pinapahintulutan ng kasunduang ito ang mga Pilipinong legal na naninirahan sa Pransya na makatanggap ng parehong pagtrato tulad ng mga Pranses pagdating sa social security. Pinapayagan din nito na makatanggap ng mga benepisyo ang mga retiradong Pilipino o Pranses sa Pilipinas o sa Pransya at makinabang sa mga naipong panahon ng pagiging kasapi sa dalawang bansa.

Nangangahulugan ito na kung nagtrabaho ka sa Pilipinas at nagbayad ng kontribusyon sa Social Security System (SSS) bago ka nagtrabaho sa Pransya, at kinalaunan ay ipinagpatuloy mo ang pagbabayad ng kontribusyon sa Pransya, sa pagsapit ng edad ng iyong pagreretiro, maaaring pagsamahin ang lahat ng iyong kontribusyon sa parehong bansa at maaaari mong matanggap ang iyong pensyon sa Pilipinas man o sa Pransya.

Upang malaman kung maaari kang makinabang sa kasunduang ito, maaari kang humingi ng iyong career record *(relevé de carriére)* mula sa *CNAV* na malapit sa iyo upang malaman mo kung magkano na ang

iyong mga nabayarang kontribusyon sa Pransya. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa SSS London sa pamamagitan ng pagbigay ng iyong SSS number. *(Matatagpuan sa dulo ng kabanatang ito ang telepono ng SSS London.)*

Para sa mga hindi maaaring makinabang sa kasunduang ito, maaari ninyo pa ring ipagpatuloy ang pagbabayad ng kontribusyon sa SSS sa Pilipinas sa mga itinakdang collection center tulad ng Philippine National Bank (PNB) sa Paris.

Ang mga miyembro ng SSS ay maaaring makibahagi sa *Flexi-fund Program* na pinagsamang pension plan at savings account para sa mga migranteng Pilipino. Hangad nito na madagdagan ang mga benepisyo sa ilalim ng karaniwang sakop ng SSS.

Ang mga miyembro na sasapit sa edad ng pagreretiro o kaya naman ay nagkaroon ng kapansanan ay makatatanggap ng benepisyo na katumbas ng kanilang kontribusyon sa *Flexi-fund* kasama ng interes na kinita nito sa pamamagitan ng buwanang pensiyon, lump-sum na kabayaran o kumbinasyon ng dalawa. Maaari ring bawiin ang mga naideposito sa *Flexi-fund* pagkatapos ng limang taon. Ang pinakamababang kontribusyon ay 200 PHP bawat buwan. Walang maximum na halagang maaaring ideposito. Maaari ring bantayan ang mga kontribusyon sa Internet sa *My.SSS*. Kailangan lamang magpatala sa website ng SSS: http://www.sss.gov.ph/.

Kung hindi ka pa miyembro ng SSS, maaari kang sumali at magpatala sa kahit anong accredited collection center tulad ng PNB sa Paris. Kopya lamang ng iyong pasaporte ang dokumentong kailangan.

Mga benepisyong pampamilya *(magtungo sa pahina 21)*

Tungkulin: Pagbabayad ng Iyong Kontribusyon para sa Social Security

Ang iyong *cotisations sociales* ay kinukuwenta bilang porsiyento ng iyong sweldo o kita na pinapatawan ng buwis. Kung dineklara ka ng iyong amo, awtomatikong ibinabawas ito sa iyong sweldo. Suriin ang iyong *fiche de paie* upang malaman kung magkano sa sweldo mo ang napupunta sa iyong *cotisations*.

Kung ikaw ay self-employed, kailangan mong magbayad nito. Maaari kang magbayad ng kontribusyon buwan-buwan (sampung buwanang hulog mula Enero hanggang Oktubre batay sa isang estimated total

contribution; ang karampatang adjustment ay isinasagawa sa Nobyembre o Disyembre.). Dapat kang mag-apply bago ang unang Linggo ng Disyembre para sa buwanang kontribusyon mula sa unang Linggo ng Enero.

Alam mo ba?

Ang mga hindi nakakukuha ng general health insurance sa Pransya ay maaaring boluntaryong magbayad ng kontribusyon o kaya naman ay kumuha ng pribadong health insurance. Maaari din silang mag-apply para sa Universal Health Coverage *(Couverture maladie universelle* o *CMU)* o State Medical Aid *(Aide médicale d'Etat* o *AME).*

Sakop ng *CMU* ang mga taong legal na naninirahan sa Pransya ngunit walang sapat na pera upang kumuha ng health insurance. Sakop naman ng *AME* ang mga taong nasa iregular na sitwasyon.

Upang makinabang sa *AME*, kailangang magbigay ka ng katibayan ng identipikasyon, katibayan ng paninirahan sa Pransya na hindi bababa sa tatlong buwan, at katibayan ng kakayahang pinansyal (mas mababa sa 7 771 EUR ang iyong kita sa nakalipas na 12 buwan). Kung higit sa nasabing halaga ang iyong kita, kailangan mong kumuha ng pribadong health insurance.

Isang alternatibo sa *CMU* at *AME* ang pagpapatuloy ng pagbayad ng iyong kontribusyon sa SSS sa Pransya upang makatanggap ka ng benepisyo sa pagkakasakit, pagbubuntis, pagka-ina/pagka-ama, pagkakaroon ng kapansanan, at pagreretiro. Depende sa iyong buwanang kontribusyon (hindi dapat humigit sa 1,560 PHP bawat buwan), ang SSS London ang magtatakda kung magkano ang maaari mong tanggapin para sa pagpapagamot at pangangailangang medikal sa Pransya. Bisitahin ang website ng SSS London para sa karagdagang impormasyon.

May health insurance ka man o wala maraming serbisyong medikal ang maaari mong makuha nang libre:

- Testing center para sa tuberculosis at iba pang respiratory diseases
- Testing center para sa HIV-AIDS, hepatitis B at C, at mga sexually-transmitted diseases (STD)
- Mga center para sa pagpaplano ng pamilya at kontrasepsyon

- Mga center para sa pangangalaga ng ina, sanggol at mga bata hanggang 6 na taong gulang
- Mga center para sa pagpapabakuna laban sa tigdas, beke, at German measles para sa mga batang may edad na 1 hanggang 11 taon
- Consultation center para sa bawal na gamot at alak
- Pangkonsultasyon na center para sa mga may karamdaman sa pag-iisip

Upang malaman ang mga lokasyon ng mga center na ito, magtungo sa pinakamalapit na *CCAS* sa iyong *commune* o sa kahit saang pampublikong ospital.

Maaari ka ring tumungo sa *Permanence d'accés aux soins de santé* o *PASS* sa mga ospital na sadyang nakalaan para sa mga dayuhan o sa mga taong walang health insurance at nangangailangan ng tulong sa pagpapagamot.

Mga mahahalagang paalala

1. **Siguraduhing idineklara ka ng iyong amo. Ayon sa batas ng Pransya, dapat ideklara ka ng iyong amo.**
2. **Kumuha agad ng health insurance pagdating sa Pransya.**
3. **Kung hindi ka pa miyembro ng SSS, sumali at magpatala sa lalong madaling panahon.**
4. **Kung nangangailangan ka ng emergency assistance, magtungo sa pinakamalapit na ospital o tumawag sa 15 o 112 upang makipag-ugnayan sa Emergency medical services o *SAMU*. Sa ilalaim ng batas ng Pransya, dapat magbigay ng lunas ang *SAMU* at lahat ng ospital sa kahit sinong pasyente ano man ang kanyang kalagayan o kakayahang magbayad.**

Para sa mga karagdagang impormasyong pangkalusugan, narito ang talaan ng mga ahensya na maaari kang makipag-ugnayan:

Para sa mga katanungan ukol sa kasunduan sa pagitan ng Pransya at Pilipinas at ukol sa SSS:

Philippine SSS London
Embahada ng Pilipinas
11 Suffolk Street, London
SW1Y – 4HG
Hanapin si Alfredo Jose I. Recio, Jr.
+44 207 451 1830
aj_reciosss@yahoo.com
aj_recio@hotmail.com
philsss.uk@g.mail.com
http://www.philsssuk.com

Philippine National Bank (Europe) Paris Branch
165 Avenue Victor Hugo, 75016 Paris
01 45 05 34 00
infor@pnbeurope.fr

Upang matagpuan ang **URSSAF** na pinakamalapit sa iyo, bisitahin ang http://www.urssaf.fr.

Upang matagpuan ang **Caisse primaire d'assurance maladie (CPAM)** na pinakamalapit sa iyo, bisitahin ang http://ameli.fr.

Upang matagpuan ang **Caisse d'assurance retraite et de la santé au travail (CARSAT)** na pinakamalapit sa iyo, bisitahin ang http://www.lassuranceretraite.fr/ o tumawag sa 3960.

Para sa mga katanungan kung paano makakamit ang iyong mga karapatang pangkalusugan, makipag-ugnayan sa:

Espace santé droit, isang asosasyon na tumutulong sa mga dayuhan upang makamit ang kanilang karapatang pangkalusugan tulad ng pagkuha ng health insurance. Maaaring makipag-ugnayan sa mga araw ng Martes, Miyerkules (umaga) at Biyernes (umaga).
c/o Foyer Protestant
195 Avenue Victor Hugo, 93300 Aubervilliers
01 43 52 69 55

Santé info droits, isang hotline na binuo ng isang kolektibo para sa kalusugan *(Collectif interassociatif sur la santé* o *CISS)* upang sagutin ang mga katanungang legal na may kinalaman sa kalusugan
01 53 62 40 30
Lunes, Miyerkules, Biyernes – ika-2:00 ng hapong hanggang ika-6:00 ng gabi
Martes, Huwebes – ika-2:00 ng hapon hanggang ika-8:00 ng gabi

Mga karapatang pampamilya

Anu-ano ang mga karapatan ng aking mga anak sa Pransya?

Lahat ng mga bata sa Pransya ay may karapatan sa libreng primaryang edukasyon. Dahil dito, kailangang pag-aralin ng mga magulang ang kanilang mga anak anuman ang nasyonalidad o sitwasyong legal ng mga ito.

Ayon sa French National Education Code, ang mga batang tatlong taong gulang pataas ay maaaring tanggapin sa kindergarten *(école maternelle)*. Sa edad na anim na taon pataas, sila ay maaaring tanggapin sa preschool *(école primaire)*. Hanggang sa edad na 18 taon, sila ay maaaring tanggapin sa elementarya at mataas na paaralan *(collége* at *lycée)*.

Tinitiyak ng Kagawaran ng edukasyon ng Pransya ang pagpapatupad ng mga panukalang ito at sinisiguro nila na hindi hadlang ang kawalan ng residence permit sa mga nagnanais mag-aral.

Upang makapagpatala, dapat dalhin ang mga sumusunod:

- Katunayan ng identipikasyon ng anak
- Katunayan ng identipikasyon at kakayahang pinansyal ng mga magulang
- Katibayan ng tirahan
- Talaan ng pagpapabakuna ng anak

Kung hindi pumayag ang *école maternelle* o *école primaire* na tanggapin ang iyong anak, may karapatan kang gumawa ng *recours gracieux* sa *mairie* at pagkatapos sa *préfecture* at sa administratibong korte *(tribunal administratif)*.

Kung hindi pumayag ang *collége* o *lycée* na tanggapin ang iyong anak, may karapatan kang umapila sa *Rectorat* at pagkatapos sa *Inspection académique* at sa *Tribunal administratif*.

Maaari ka ring humingi ng libreng tulong mula sa High Authority against Discrimination and for Equality *(Hauté autorité de lutte contre les discriminations et pour l'égalité* o *HALDE)* upang magsampa ng reklamo sa diskriminasyon.

Paano ka makatatanggap ng mga benepisyong pampamilya?

Ang mga benepisyong pampamilya ay ibinibigay sa mga pamilya na may isa o higit pang anak ayon sa mga sumusunod na kondisyon:

- Hindi lampas ang kita ng mga magulang sa itinakdang antas
- Nakatala at nag-aaral ang mga anak sa paaralan (may edad na hindi lalampas sa 20 taon)

May mahigit na 20 benepisyong nahahati sa apat na pangkat: kapanganakan, edukasyon, pabahay at iba pa. Ang mga pinakamahalaga ay:

- Allowance ng pamilya *(allocations familiales)* mula sa pangalawang anak at mga sumusunod pang anak
- Allowance ng mga batang anak (0-6 taong gulang) *(prestation d'accueil de jeune enfant)*
- Family supplement *(complément familial)*
- Allowance sa pabahay *(allocation de logement)*
- Special education allowance *(allocation d'éducation spéciale)*
- Family maintenance allowance *(allocation de soutien familial)*
- Back-to-school allowance *(allocation de rentrée scolaire)*
- Single parent allowance *(allocation de parent isolé)*
- Parental educational allowance *(allocation parentale d'éducation)*
- Adoption allowance *(allocation d'adoption)*
- Parental care allowance *(allocation de présence parentale)*

Bukod sa mga benepisyong ito, makatutulong din na laging bisitahin ang iyong *Mairie* o *Conseil général* upang malaman ang iba pang benepisyong maaari mo pang tanggapin.

Alam mo ba?

Maaari kang mag-apply para sa family reunification program *(regroupement familial)* at makasamang manirahan sa Pransya ang iyong asawa at mga anak na may edad na hindi hihigit sa 18 taong gulang kung pasok ka sa mga pamantayang itinakda ng French Immigration and Integration Office *(OFII)*.

Narito ang mga pamantayan:

- 18 buwan ka nang naninirahan sa Pransya at mayroon kang residence permit na balido nang isang taon (minimum)
- Mayroon kang sapat na kinikita upang masuportahan ang iyong pamilya (ang halaga ng kinikita ay depende sa laki ng iyong pamilya)
- Ang iyong tirahan ay dapat naaayon sa nakatakdang sukat, kaginhawaan at kalinisan
- Bahagi ka ng lipunan ng Pransya at sinusunod mo ang mga prinsipyo ng bansang ito

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga karapatan ng pamilya, makipag-ugnayan sa:

Haute Autorité de lutte contre les discriminations et pour l'égalité (HALDE)
Bisitahin ang http://www.halde.fr/ upang matagpuan ang tagapagtanggol ng karapatan *(défendeur des droits)* sa iyong departamento.

Caisse d'allocations familiales (CAF)
Bisitahin ang http://www.caf.fr/wps/portal upang matagpuan ang CAF na pinakamalapit sa iyo.
Ang CFDT ay mayroon ding kinatawan sa CAF.

Office francais de l'immigration et de l'intégration (OFII)
Bisitahin ang http://www.ofii.fr/ upang matagpuan ang OFII na pinakamalapit sa iyo.

Réseau éducation sans frontiéres (RESF), isang asosasyong nagbibigay ng impormasyon at tulong sa mga batang nasa sitwasyong iregular sa Pransya. Bisitahin ang www.educationsansfrontieres.org upang matagpuan ang RESF na pinakamalapit sa iyo.

Centres pour la scolarisation de nouveaux arrivants et des enfants du voyage (CASNAV) na may kapangyarihang tumulong sa mga bata at pamilya mula sa ibang bansa pagdating sa mga isyu sa pag-aaral
Bisitahin ang http://www.ac-paris.fr/portail/jcms/piapp1_64052/portail-casnav para sa karagdagang impormasyon o upang matagpuan ang CASNAV na pinakamalapit sa iyo.

Karapatan laban sa di-makatuwirang pagkakakulong

Sino ang maaaring sumailalim sa isang identity check?

Isinasaad ng French Penal Code na lahat ng tao na nasa teritoryo ng Pransya ay kinakailangang sumailalim sa identity check. Isinasagawa ang identity check batay sa mga alituntunin, depende sa uri nito.

May dalawang uri ng identity check:

1. Maaaring isagawa sa lahat ng tao *(droit commun)*

Maaaring isagawa ang identity check na ito kung mayroong sapat na dahilan upang paghinalaan ang isang tao na gumawa, gumagawa, o gagawa ng isang krimen o kung siya ay maaaring magbigay ng impormasyon tungkol sa isang krimen.

Maaari ring isagawa ang identity check na ito sa interes ng kaayusang pampubliko o ayon sa utos ng public prosecutor *(Procureur de la République)*.

2. Maaaring isagawa sa mga dayuhan lamang

Maaaring isagawa ang identity check na ito sa mga dayuhan lamang at dapat itong nakabatay sa obhektibong pamantayan tulad ng:

- Pagmamaneho ng sasakyang may plaka mula sa ibang bansa[9]
- Pakikiisa o pagsali sa isang demonstrasyong gumagamit ng banner na nagpapakita na ito ay inorganisa para sa mga dayuhan
- Pamamahagi ng pamphlets o pagpapaskil ng mga materyal na isinulat sa wikang banyaga
- Pagdadala ng aklat o simbolo na isinulat sa wikang banyaga

Sa madaling salita, hindi ka maaaring arestuhin dahil lamang sa ikaw ay mukhang dayuhan, nagsasalita ng wikang banyaga, o nakasuot ng damit ng dayuhan.

---

[9] Kung ikaw ay nagmamaneho ng sasakyang may plakang Pranses, maaari kang pahintuin kung ikaw ay lumabag sa French Vehicle Code *(Code de la route)* o habang may kontrol.

Ang tanging eksepsyon ay kung ikaw ay nasa 20 kilometro ng hangganan ng Pransya at ng mga karatig-bansa nito o nasa pandaigdigang pantalan, paliparan at mga istasyon ng bus at tren. Sa mga nabanggit na lugar, ang mga opisyal ng border police ay may karapatang pigilan o arestuhin ang kahit sino kahit na siya ay walang nilabag na kundisyon sa obhektibong pamantayan na naunang nabanggit.

Tanging ang mga opisyal ng judicial police o kanilang mga kinatawan ang may karapatang magsagawa ng ganitong uri ng identity check at ang mga detalye nito – kung bakit at kung paano ito isinagawa – ay dapat isama sa police report *(procés verbal)*. May karapatan kang tumangging lumagda sa police report na ito.

Anu-ano ang iyong mga karapatan habang sumasailalim sa identity check?

Kung hindi ka makapagbigay ng mga dokumento na nagpapatunay sa iyong identidad, maaari kang dalhin sa presinto *(commissariat)* at manatili sa kanilang kustodiya. Kapag dinala ka doon, dapat banggitin sa iyo ng pulis ang iyong mga sumusunod na karapatan:[10]

- Karapatang ipagbigay-alam sa miyembro ng iyong pamilya, sa kamag-anak, sa amo, o sa sino mang nais mo, gayundin sa iyong embahada o konsulado
- Karapatang sumailalim sa pagsusuri ng isang doktor
- Karapatang matulungan ng isang abogado
- Karapatang manahimik
- Karapatang magkaroon ng interpreter

Nasa iyong ikabubuti na gamitin ang lahat ng mga karapatang ito.

Hihingan ka ng detalye ng iyong identidad tulad ng pangalan, tirahan, nasyonalidad, at iba pa. Kung tumanggi ka, maaaring kunin ang iyong fingerprint at kunan ka ng litrato.

Ang haba ng pagsasailalaim sa kustodiya, kabilang ang identity check, ay hindi dapat lumampas sa apat na oras. Kung matapos ang apat na oras at hindi ka pa nakapagbigay ng detalye ng iyong identidad, maaaring magpasya ang pulisya na ikaw ay manatili sa kanilang

[10] Batas ng Pransya ukol sa reporma ng kustodiya ng pulisya 14 Abril 2011

kustodiya nang mas matagal na panahon, ngunit hindi lalampas sa 24 oras, kasama ang naunang apat na oras.

Maaaring manatili ka sa kanilang kustodiya nang karagdagang 24 oras kung pahintulutan ito ng *Procureur*. Tandaan na sa pagkatapos ng kustodiya, dapat nilang ibigay sa iyo ang *procés verbal* na maaari mong lagdaan kung ito ay tama at iyong nauunawaan sa tulong ng isang interpreter.

Kung mapatunayan ang iyong identidad at ang iyong sitwasyong iregular sa Pransya, ipagbibigay-alam sa iyo ang pasya ng *préfet* na ipadala ka sa detention center *(centre de rétention administrative)*. Tandaan na ang pasyang ito ay dapat ipagbigay-alam sa iyo sa wikang iyong nauunawaan, sa tulong ng isang interpreter, kung kinakailangan.

Ano ang nangyayari sa detensyon?

Ang iyong pagkakahimpil sa *centre de rétention administrative* ay upang magbigay ng sapat na panahon at pagkakataon sa pulisya na ayusin ang iyong deportasyon.

Kung makalipas ang limang araw at hindi naisagawa ang iyong deportasyon, ihaharap ka isang hukom *(juge des libertés et de la détention)* na siyang magpapasya kung ikaw ay mananatiling nakahimpil ng karagdagan pang 20 araw o kung ikaw ay palalayain na.

Kung daragdagan ng hukom ang araw ng iyong pagkakahimpil, maaari kang manatili sa detention center ng 20 araw upang bigyan pa ng karagdagang panahon ang pulisya na ayusin ang iyong deportasyon. Ito ay maaari muling palawigin ng hukom ng 20 araw pa.

Kung makalipas ang 45 araw at hindi naisagawa ang iyong deportasyon, kailangan ka nilang palayain.

Ano ang OQTF?

Ang OQTF *(obligation de quitter le territoire français)* ay isang utos ng deportasyon na nilagdaan ng *préfet* para sa mga taong nasa iregular na sitwasyon.

Kung makatanggap ka ng OQTF, mayroon kang 48 oras hanggang 30 araw upang umapila sa *Tribunal administratif*. Maaaring isampa ang apila sa himpilan ng pulisya o sa detention center mismo.

Tungkulin: Ilegal na pagpasok, pagdaan o pananatili sa Pransya

Ang ilegal na pagpasok, pagdaan o pananatili sa Pransya ay pinapatawan ng parusang pagbabayad ng 3 500 EUR na maaaring may kasamang pagbawal na pumasok sa teritoryo ng Pransya ng tatlong taon.

Mga mahahalagang paalala
1. **Huwag dalhin ang mga orihinal na dokumento. Sa halip ay dalhin ang mga kopya lamang.** 2. **Kung sasakay ka ng metro o anumang uri ng pampublikong sasakyan, siguraduhing mayroon kang tiket.** 3. **Laging dalhin ang iyong cellphone at listahan ng mga mahahalagang numero.** 4. **May karapatan kang tumangging lumagda sa kahit anong dokumentong hindi mo naiintindihan.** 5. **Ang Pransya ay bahagi ng Schengen Area. Kung wala kang visa mula sa alinmang bansang kasapi sa Schengen, maaari kang pigilan ng Border Police at dalhin sa detention center.** 6. **Ibigay sa isang taong pinagkakatiwalaan ang mga pangalan at numero ng iyong amo o employer at manatiling may ugnayan sa taong ito. Makipagkasundo na kapag ikaw ay hindi nakipag-ugnayan sa kanya nang matagal na panahon, tumawag agad siya sa Embahada ng Pilipinas (01 44 14 57 00) o sa SAANC Hotline (06 58 16 47 04).**

Alam mo ba?

Ang *OFII* ay nagbibigay ng tulong sa pabalik *(aide au retour)* tulad ng pamasahe at pabaon para sa mga nagpaplanong bumalik sa kanilang bansa. Isang paraan upang makinabang dito ay ang pagpapakita ng iyong OQTF.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa iyong mga karapatan laban sa di-makatuwirang pagkakakulong, makipag-ugnayan sa:

Social Aid and Assistance to Nationals Committee (SAANC) na binuo sa ilalim ng General Assembly ng Filipino Associations in France upang maghatid ng tulong sa mga Pilipino sa Pransya at Monaco na nangangailangan ng tulong
SAANC Hotline: 06 58 16 47 04

Comité inter-mouvements auprès des évacués (CIMADE), isang asosasyong Pranses na nagtataguyod ng mga karapatan ng mga migrante, kabilang ang mga refugees. Upang matagpuan ang Cimade sa iyong rehiyon, bisitahin ang http://www.cimade.org/ at pumunta sa "en régions". Mayroon din silang mga numero ng telepono na maaaring tawagan kung nais magtanong tungkol sa mga karapatan ng mga migrante.

Ligue francaise pour la défense des droits de l'homme et du citoyen (LDH), isang asosasyong Pranses na nagsusulong ng mga karapatang pantao. Upang matagpuan ang LDH na pinakamalapit sa iyo, bisitahin ang http://www.ldh-france.org/ at pumunta sa "La LDH en région".

Groupe d'information et de soutien des immigrés (GISTI), isang asosasyong Pranses na nagsusulong ng mga karapatan ng mga migrante. Sila ay naglalabas ng mga babasahin at nagsasagawa ng mga pagsasanay tungkol sa mga karapatan ng mga migrante. Mayroon din silang hotline.
3 villa Marcés, 75011 Paris
01 14 43 60 66 (ika-3:00 ng hapon hanggang ika-8:00 ng gabi), Lunes hanggang Biyernes
http://www.gisti.org/

Mga karapatan ng kababaihan

Bilang isang babaeng migrante, mayroon kang mga natatanging pangangailangan at nahaharap ka sa naiibang realidad kumpara sa mga kalalakihan, lalo na kung ikaw ay nagtatrabaho sa isang tahanan kung saan ang pang-aabuso ay malayo sa paningin ng publiko.

Ang kabanatang ito ay inilaan para sa dalawang mabibigat na suliraning hinaharap ng mga babaeng migrante ngayon: karahasan laban sa mga kababaihan at modernong pang-aalipin.

Karahasan laban sa mga kababaihan

Kung nararamdaman mo na ikaw ay isang biktima ng karahasan ngunit naguguluhan ka sa iyong kalagayan, dapat mong malaman na hindi ka nag-iisa at napakarami pang ibang kababaihan ang nakaranas o patuloy na dumaranas ng karahasan.

- Noong 2011, 145 na kababaihan ang namatay sanhi ng domestic violence sa Pransya o isang babae sa bawat dalawang araw.
- 50% ng mga pinatay na kababaihan sa nakalipas na 10 taon ay pinatay ng kanilang partner.
- Isa sa bawat 10 kababaihan sa Pransya ay biktima ng karahasan subalit isa sa bawat siyam lamang ang naghahabla.
- 75,000 kababaihan ang biktima ng panghahalay bawat taon.
- Sa trabaho, 16.7% ng kababaihan ang nakararanas ng abusong saykolohikal at 8.5% ay biktima ng abusong berbal.

Ayon sa ulat na inilabas ng Kongreso ng Pransya noong 2009, **ang mga kababaihang migrante na nasa isang relasyon ay mas nakararanas ng karahasan kaysa sa mga nabibilang sa ibang pangkat.**

Ano ang dapat mong gawin kung sa pakiramdam mo ay biktima ka ng karahasan?

Upang malaman ang mga hakbang na iyong gagawin, mahalagang alamin muna ang uri ng karahasan na iyong nararanasan.

Marami ang uri ng karahasan laban sa mga kababaihan – pisikal man o saykolohikal – tulad ng abusong berbal, sapilitang pagpapakasal, pagpinsala ng sekswalidad, karahasan sa trabaho, karahasan sa pagitan ng mag-asawa, panghahalay at abusong sekswal.

Anuman ang uri ng karahasan ang iyong nararanasan, **mahalagang malaman mo na biktima ka ng karahasan.** Ito ang unang hakbang upang makabalik sa normal na pamumuhay.

Ang susunod na hakbang ay ang paglaban sa isolasyon. Kung ikaw ay biktima ng karahasan, **makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan o sa isang asosasyon, sa social worker o sa iyong doktor** na makapagbibigay sa iyo ng medical certificate na magpapatunay na ikaw ay biktima ng karahasan.

At panghuli, **ikaw ay pinapayuhang maghabla.**

Ano ang iyong mga karapatan bilang isang babaeng migrante na biktima ng karahasan?

Anupaman ang sitwasyon mo, ang paghahabla ay isang paraan upang manumbalik ang iyong dignidad, lalung-lalo na nang nasusugan ang batas sa karahasan laban sa mga kababaihan noong 9 Hulyo 2010 sa Pransya.

Nagbibigay-daan ang batas na ito sa special protection order *(ordonnance de protection)* na ipinagkakaloob ng hukom sa hiling ng biktima ng karahasan.

May bisa ng hanggang apat na buwan ang *ordonnance* na ito at pinahihintulutan nito ang isang biktima ng karahasan, na nasa iregular na sitwasyon, na makakuha ng pansamantalang residence permit. Subalit ang residence permit na ito ay maaari lamang i-renew kung ang biktima ay nagsampa ng diborsyo o paghihiwalay. Kung ang biktima ay naghabla ng kaso ng karahasang pandomestiko at siya ay nanalo, maaari siyang makakuha ng permanenteng residence permit.

Mga mahahalagang paalala

1. **Tandaan ang mga sumusunod na hakbang:**
   - **Kilalanin na ikaw ay biktima ng karahasan**
   - **Humingi ng tulong sa isang asosasyon o isang propesyunal**
   - **Maghabla**
2. **Itabi ang lahat ng mapagbanta o mapang-insultong mensahe o liham at lahat ng maaaring magpatunay sa karahasan tulad ng testimonya ng isang testigo o kaya ang iyong sariling talaan ng mga petsa, detalye, at mga taong naroon noong mangyari ang insidente.**
3. **Kung nangangailangan ka ng atensyong medikal, tumawag sa iyong doktor, sa *SAMU* o sa *Pompiers* sa lalong madaling panahon. Siguraduhing kumuha ng medical certificate.**
4. **Sa *commissariat*, maaari kang magparehistro ng:**
   a. ***Main courante* – isang simpleng dokumentong naglalahad ng pangyayari at maaaring magamit kalaunan kung maghahabla**
   b. ***Plainte* – maaaring mauwi sa paghahabla sa gumawa ng krimen**

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa iyong mga karapatan laban sa karahasan, makipag-ugnayan sa:

Violences Femmes Info **(Violence Women Info)** sa pamamagitan ng pagtawag sa 3919 o pagbisita ng http://www.stop-violences-femmes.gouv.fr/

Ang numerong ito ay nakalaan para sa mga kababaihang biktima ng karahasan, kanilang mga kamag-anak at kaibigan, at mga kaugnay na propesyunal. Maaari kang tumawag nang libre gamit ang landline. Isang tagapakinig *(écoutante)* ang handang makinig sa iyo, magbigay ng impormasyon na iyong kailangan, maghanap ng iba pang tutulong sa iyo upang idulog ka sa tamang tanggapan o asosasyong maaaring sumuporta sa iyo.

Mga asosasyong tumutulong sa mga kababaihang biktima ng karahasan:

Babaylan, femmes philippines en France, isang asosasyon ng mga Pilipinang naninirahan sa Pransya na naghahatid ng serbisyo sa mga Pilipinong kababaihang migrante
Hanapin si Lorna Munnecum
06 76 31 97 70

Centre d'information sur les droits des femmes et des familles (CIDFF), isang samahang nagsusulong ng karapatan ng mga kababaihan at pantay na kasarian at nakikipaglaban sa diskriminasyon
Bisitahin ang http://www.infofemmes.com upang matagpuan ang CIDFF na pinakamalapit sa iyo.

Fédération nationale solidarité femmes (FNSF), isang pambansang pangkat ng mga asosasyong nagsusulong na malupig ang karahasan laban sa mga kababaihan
75 Boulevard MacDonald, 75019 Paris
01 40 33 80 90
http://www.solidaritefemmes.org/

Fédération nationale GAMS, isang asosasyong Pranses na lumalaban sa karahasan laban sa mga kababaihan
67 rue des Maraîchers, 75020 Paris
01 43 48 10 87/06 74 16 77 38
http://www.federationgams.org

Modernong pang-aalipin at human trafficking

Mayroon pa ring mga kaso ng pang-aalipin sa Pransya. Upang matulungan kang malaman kung biktima ka nito, narito ang ilang gabay na katanungan:

- Nasa iyo ba ang iyong pasaporte at mga dokumento ng pagkakakilanlan?
- Kinikilala at nirerespeto ba ang iyong mga karapatan bilang manggagawa (tingnan ang unang kabanata ng gabay na ito)?
- Pinahihintulutan ka bang umalis nang mag-isa sa iyong pinagtatrabahuan?
- Pinahihintulutan ka bang makipag-usap at makipag-ugnayan sa iyong pamilya?
- Pinahihintulutan ka bang pumunta sa iyong simbahan o moske? Magkaroon ng ka-relasyon?

Kung sumagot ka ng "HINDI" sa isa o sa lahat ng mga katanungang ito, ikaw ay maaaring biktima ng pang-aalipin. At kung ikaw ay dinala sa Pransya at pinangakuan ng trabaho na iba sa kasalukuyan mong trabaho, maaaring biktima ka ng human trafficking.

Ano ang dapat mong gawin kung sa pakiramdam mo ay biktima ka ng pang-aalipin at human trafficking?

Ang una mong dapat gawin ay kilalanin na ikaw ay isang biktima at may mga karapatan ka.

Ang susunod na hakbang ay humingi ng tulong.

Tumungo sa isang asosasyon tulad ng Committee against Modern Slavery *(Comité contre l'escalavage moderne* o *CCEM)* o ng *SOS Esclaves* na maaaring suriin ang iyong sitwasyon, payuhan ka sa mga hakbanging iyong dapat gawin, at samahan ka sa mga susunod pang hakbang, gaya ng paghahabla sa iyong amo.

Tungkulin: Tumulong sa mga biktima ng modernong pang-aalipin

Marahil hindi ka isang biktima ng pang-aalipin, ngunit mayroon kang kilalang dumaranas nito. Magmatyag para sa mga palatandaan at tulungan ang mga biktima sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa *CCEM* o sa *SOS Esclaves.*

Ayon sa *CCEM,* hindi karaniwang tumatawag sa kanilang hotline ang mga biktima. Marahil ito ay dahil sa ang karamihan ng biktima ay walang kakayanang magsalita ng Pranses o kaya ay hindi nila alam ang kanilang mga karapatan. Ang karaniwang tumatawag ay mga kapitbahay, kaibigan, social workers, at doktor ng mga biktima.

Anu-ano ang iyong mga karapatan bilang biktima ng pang-aalipin at human trafficking?

Pinaparusahan ng French Penal Code ang human trafficking at ang pagpuwersa sa isang tao na magtrabaho at mamuhay na labag sa kanyang dignidad bilang tao.

Isinasaad sa French Code for the Entry and Residence of Foreigners and Asylum Seekers na ang isang biktima ng pang-aalipin o ng human trafficking na maghahabla ay maaaring mabigyan ng pansamantalang residence permit na may bisa ng anim na buwan.

Mga mahahalagang paalala

1. **Ingatan ang mga dokumentong panlakbay. Huwag ibigay ang mga ito sa iyong amo o kahit kanino.**
2. **Ikaw ba'y ikinulong sa bahay o sa hotel ng iyong amo? Maaari kang humingi ng tulong sa pamamagitan ng paghagis ng mga "*SOS notes*" sa mga piraso ng papel sa bintana.**
3. **Mag-ingat sa mga pangako ng "madaling trabaho, malaking kita".**
4. **Kung may kilala kang biktima ng pang-aalipin, tumawag agad sa hotline ng mga asosasyon at humingi ng payo.**

Para sa karagdagan impormasyon ukol sa iyong mga karapatan laban sa pang-aalipin at human trafficking, makipag-ugnayan sa:

Comité contre l'escalavage moderne (CCEM), ang pangunahing organisasyong tumutulong sa mga kababaihan at mga kabataang babae sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong legal mula sa mga abogado at pagsama sa biktima sa kanyang kaso laban sa mapang-abusong amo
107 avenue Parmentier, 75011 Paris
01 44 52 88 90
http://www.esclavagemoderne.org/

SOS Esclaves, isang asosasyong Pranses na tumutulong sa mga biktima ng pang-aalipin sa pamamagitan ng pagkilala sa kanila, pagbigay ng tulong legal at administratibo, pati na rin ng pangangailangang saykolohikal
148 Boulevard Malesherbes, 75017 Paris
Hotline: 06 42 60 54 05
http://www.sos-esclaves.com/

Mahahalagang telepono sa Pransya

Mula sa landline:

Police/Gendarmerie	**17**
SAMU	**15**
Pompiers	**18**

Mula sa cellphone:

Police/Gendarmerie	**117**
SAMU	**115**
Pompiers	**118**

Mula sa landline o cellphone:

Emergency	**112**

Para matutong magsalita ng lenggwaheng Pranses

Asosyasong Hiligaynon
06 62 27 93 02
hiligaynon.paris@gmail.com

Asosasyong Sangguniang Filipino (ASF)
06 33 77 59 00
sangunianfilipino@yahoo.com

Asosasyong Maharlika
06 62 51 11 22
rgomez_fr@yahoo.com

French Filipino Contact
06 46 40 33 98
ameliampunzlan@yahoo.fr